



## SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

### MGA RESIDENTENG MABABA ANG KITA NA:

- Mga buntis at sanggol;
- Mga batang edad 1-18;
- Mga magulang at kamag-anak na tagapagalaga ng mga nakadependeng bata; o
- Mga taong edad 19-64, na hindi buntis at hindi kwalipikado para sa Medicare.

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at hindi ito nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan sa mga programa at aktibidad nito.

# Ang Medicaid sa Isang Tingin

## ANO ANG SINASAKLAWAN?

- Mga serbisyo ng ospital para sa inpatient at outpatient
- Mga serbisyo ng klinika
- Maagang pagsusuri, diagnosis, at paggamot para sa mga batang wala pang 21 taong gulang sa ilalim ng Programang Pangkalusugan para sa Bata/Teenager
- Mga gamot, supply, kagamitang medikal, at kagamitan gaya ng mga wheelchair, atbp.
- Mga serbisyo sa laboratoryo at X-ray
- Pang-iwas na pangangalaga at paggamot sa kalusugan at mga ngipin sa pamamagitan ng mga doktor at dentista
- Pangangalaga sa nursing home
- Pangangalaga sa pamamagitan ng mga ahensya ng kalusugan sa tahanan at personal na pangangalaga
- Paggamot sa mga psychiatric na ospital (para sa mga taong wala pang 21 taong gulang o 65 taong gulang pataas), pasilidad para sa kalusugan ng isipan, at pasilidad para sa mga may pagkukulang sa o kapansanan sa paglinang ng isip
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya
- Transportasyon patungo sa mga medikal na appointment, kabilang ang pampublikong transportasyon at milyahe ng kotse
- Transportasyon sa pamamagitan ng ambulansya patungo sa ospital sa panahon ng emergency
- Mga produkto para sa pagtigil sa paninigarilyo gaya ng mga gum at patch

Maaaring hindi saklawan ang ilang serbisyo dahil sa edad, pinansyal na sitwasyon, sitwasyon ng pamilya, o kalagayan ng paninirahan. Maaaring may maliit na co-payment para sa ilang serbisyo. Hindi ka magbabayad ng mga co-payment kung ikaw ay nasa plano ng pinamamahalaang pangangalaga, maliban sa maliit na co-payment para sa mga serbisyo ng botika.

## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

[nystateofhealth.ny.gov](http://nystateofhealth.ny.gov) | 1-855-355-5777 o TTY 1-800-662-1220

## Paano ko malalaman kung kwalipikado ako para sa Medicaid ayon sa aking kita at mga mapagkukunan?

Ipinapakita ng chart sa ibaba kung magkano ang kitang maaari mong matanggap kada taon upang maging kwalipikado pa rin para sa Medicaid.\*  
Nakabatay ang mga antas ng kita sa kung ilang miyembro ng pamilya ang naninirahan kasama mo.

Mga Taunang Antas ng Kita para sa 2017				
Laki ng Sambahayan	Magulang/Mga Tagapag-alaga o Mga Magkaparehang Hindi Kasal at Walang Anak o Mga 19 at 20 taong gulang na hindi naninirahan kasama ang mga magulang  138% ng FPL	Mga Bata Edad 1 - 18  154% ng FPL	Mga 19 at 20 taong gulang na naninirahan kasama ang mga magulang  155% ng FPL	Mga Buntis at Mga Sanggol na Wala Pang 1 Taong Gulang, o Mga Indibidwal na Kwalipikado para sa Mga Benepisyo sa Pagpapalano ng Pamilya  223% ng FPL
1	\$16,643	\$18,573	\$18,693	\$26,894
2	\$22,412	\$25,010	\$25,172	\$36,216
3	\$28,180	\$31,447	\$31,651	\$45,537
4	\$33,948	\$37,884	\$38,130	\$54,858
5	\$39,717	\$44,322	\$44,609	\$64,180
6	\$45,485	\$50,759	\$51,088	\$73,501
7	\$51,254	\$57,196	\$57,567	\$82,823
8	\$57,022	\$63,633	\$64,046	\$92,144
9	\$62,790	\$70,070	\$70,525	\$101,465
10	\$68,559	\$76,508	\$77,004	\$110,787
Karagdagang Tao	\$5,769	\$6,438	\$6,479	\$9,322

\*Simula Enero 1, 2017. Maaaring iakma ang Mga Antas ng Kita bawat taon batay sa (Federal Poverty Levels, FPL).

### Magkano ang gagastusin sa Medicaid?

**Mga Buwanang Premium:** Walang buwanang premium para sa Medicaid.

**Hatian sa Gastusin:** Kinakailangang magbayad ng maliit na co-payment para sa ilang partikular na serbisyo sa ilalim ng Medicaid, ngunit may ilang pagkakataon kung kailan hindi kailangan ng co-payment.

Ang pinakamalaking maaari mong gastusin para sa mga co-payment sa ilalim ng Medicaid sa isang taon ay \$200.

Para sa listahan ng Mga Madalas Itanong tungkol sa Medicaid at Mga Sagot dito, pumunta sa: [http://www.health.ny.gov/health\\_care/medicaid/](http://www.health.ny.gov/health_care/medicaid/)